# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## BS300 Heroes and Judges

### BS311 Si Ruth at Si Boaz

**Conrad Jun Tolosa**

### *Taggutom sa Israel*

Nang ang Israel ay pinamumunuan pa ng mga hukom, nagkaroon ng taggutom sa buong bayan. Kaya ang mag-asawang Elimelech at Naomi na mga taga-Bethlehem, Judah ay nag-migrate at nanirahan sa Moab kasama ang kanilang mga anak na sina Mahlon at Chilion. Ang kanilang mga anak ay nakapag-asawa ng mga Moabita na sina Orpah at Ruth. Namatay si Elimelech at naiwang biyuda si Naomi. Pagkalipas ng mga sampung taon, namatay rin sina Mahlon at Chilion, kaya't si Naomi ay naulila sa asawa't mga anak. Nabalitaan ni Naomi na ang kanyang bayan ay pinagkalooban ng Diyos ng masaganang ani kaya't siya at ang kanyang mga manugang ay nagbalak umalis sa Moab at maglakbay pabalik sa Judah. On the way, pinauuwi na ni Naomi ang kanyang mga manugang sa kani-kanilang tahanan sapagkat wala na siyang maibibigay na asawa para sa kanila. Si Orpah ay nagpaalam na, samantalang si Ruth ay nanatili sa piling ni Naomi. Sinabi ni Ruth kay Naomi na kung saan siya pupunta, doon din siya magtutungo; kung saan siya titira, doon din siya maninirahan; ang kanyang bayan ay magiging bayan rin niya at ang kanyang Diyos ay siya ring magiging Diyos niya. Kung saan man mamamatay at ililibing si Naomi, doon din siya mamamatay at ililibing. Kamatayan lamang ang makapaghihiwalay sa kanilang dalawa.

Si Boaz, na mayamang kamag-anak ni Elimelech, ay mayroong malaking bukid. Nagpaalam si Ruth kay Naomi na mamumulot siya ng uhay na naiiwan ng mga gumagapas. Umabot si Ruth sa bukid ni Boaz. Nang malaman ni Boaz kung sino si Ruth, sinabi niya rito na huwag na siyang mamumulot sa ibang bukid. At kung siya ay nauuhaw malaya siyang makakainom ng tubig mula sa kanilang banga.

Sinabi ni Boaz kay Ruth na huwag siyang lalayo sa kanyang mga manggagawang babae. Ibinilin din ni Boaz sa kanyang mga tauhan na bigyan nila si Ruth ng magagapas. Hindi nakalagpas sa kaalaman ni Boaz ang mabuting pakikitungo ni Ruth kay Naomi.

Isang araw, pinag-ayos ni Naomi si Ruth ng kanyang sarili. Inutusan niya si Ruth na pumunta sa threshing floor ni Boaz. Inutusan ni Naomi si Ruth na kapag tapos nang kumain at uminom si Boaz at nahiga na ito, mahiga siya sa may paanan nito. Sinunod nga ni Ruth ang utos ng kanyang biyenan.

Nagising si Boaz nang hatinggabi at siya ay nagulat nang makita niyang may babae sa kanyang paanan. Nagpakilala si Ruth at sinabi niya kay Boaz na siya ang kanyang manunubos. Subalit sinabi ni Boaz na may isa pang mas malapit silang kamag-anak na maaaring tumubos sa kanya. Ngunit kung ito ay di papayag na pakasalan siya, nangako si Boaz na gagampanan niya ang tungkuling ito.

Sa harap ng sampung pinuno ng bayan, kinausap ni Boaz ang binanggit niyang kamag-anak. Sinabi ni Boaz sa lalaki na siya dapat ang unang makaalam na ipinagbibili ni Naomi ang bukid ng kanyang asawang si Elimelech. Pumayag ang lalaki subalit nang malaman niyang kasama sa ipinagbibili si Ruth, ito ay

tumanggi na. Kaya, testigo ang mga matatanda sa usapan, nagdesisyon si Boaz na bilhin ang bukid ni Elimelech kasama si Ruth.

Napangasawa nga ni Boaz si Ruth at ito ay kanyang iniuwi sa kanyang tahanan. Pinagpala ng Panginoon si Ruth kaya't ito ay nagdalang tao at nanganak ng isang lalaki – si Obed. Si Obed ang naging ama ni Jesse na naging ama naman ni Haring David.

***Multiple Choice:***

1. Anong cultural norm ang isinantabi ni Ruth nang siya ay mag-desisyon na sumama kay Naomi pabalik sa Judah?
   a. Ang manirahan sa ibang bayan sa halip na manatili sa sariling bayan.
   b. Ang piliin na sambahin ang Diyos ng kanyang biyenan sa halip na and diyos ng kanyang bayan.
   c. Both A at B
   d. Wala sa choices.

> *"Huwag po ninyong hilinging iwanan ko kayo. Hayaan na ninyo akong sumama sa inyo. Saan man kayo pumunta, doon ako pupunta. Kung saan kayo tumira, doon din ako titira. Ang inyong bayan ang magiging aking bayan. Ang inyong Diyos ang magiging aking Diyos. Kung saan kayo*

2. Gamit ang mga katagang binanggit ni Ruth sa itaas, anong katangian ni Ruth ang natutunan natin tungkol sa kanya?
   a. Pinakita niya ang kanyang katapatang-loob (loyalty) kay Naomi.
   b. Kakikitaan siya ng debosyon (devoted) kay Naomi sa kabila ng kanilang kalagayan.
   c. Katapangan. Handa siyang manirahan sa bayan na hindi niya kinalakihan at walang pagkaalam.
   d. All of the above.

3. Gamit ang mga katagang binanggit ni Ruth sa itaas, anong katangian ni Naomi ang natutunan natin tungkol sa kanya?
   a. May pagmamalasakit siya kay Ruth.
   b. May pananampalataya siya sa Diyos.
   c. Katatagan, sa kabila ng pagkawala ng kanyang asawa at mga anak na lalaki.
   d. All of the above.

4. Alin ang tamang statement?
   a. Ginamit ng Diyos si Naomi upang makilala Siya ni Ruth.
   b. Mayroon ng pagkakakilala si Ruth sa Diyos bago pa man niya nakilala si Naomi.
   c. Sumama si Ruth kay Naomi pabalik sa Judah sapagkat naawa siya at mag-isa na lang si Naomi sa buhay.
   d. Nagtrabaho si Ruth upang sila ay mabuhay sapagkat wala na silang blessing na natatanggap sa Diyos.

5. Ano ang mga magandang katangian ang matutunghayan kay Boaz?
    a. Siya ay may integridad.
    b. Tapat siya at matuwid sa kanyang pamamaraan.
    c. Siya ay matulungin sa nangangailangan.
    d. All of the above.

© July 2023 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.